Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY JASAAN NOONG IKA- 20 NG SETYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-11:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | .................................. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ...................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .................................. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 308-T'2000

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NG HALAGANG APAT NA RAAN WALUMPU'T LIMANG LIBO PITONG DAAN LIMAMPUNG PISO (P485,750.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG GUGULIN SA PAGSASAAYOS NG LUPA NA PAGTATAYUAN NG GUSALI PARA SA MGA "KATANDAAN" (SENIOR CITIZENS) NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, ang pagtatayo ng gusali para sa katandaan ay kabilang sa hanay ng mga pangunahing programa ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T*, nangangailangan ng dagdag na gugulin upang matugunan ang pondong nakalaan sa pagtatayo ng nabanggit na gusali;

*SAPAGKA'T*, malaking halaga ang tulong na maibabahagi ng inyong tanggapan para sa pagsasa-alang-alang ng nasabing proyekto;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. *Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng* lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. ng halagang P485,750.00 upang magsilbing karagdagang gugulin sa pagsasaayos ng lupa na *pagtatayuan ng gusali para sa mga "Katandaan" (Senior Citizens) ng bayang ito.*

*INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang* Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan